Dialogue Works

Deklarasyon sa Kigali

Deklarasyon sa Kigali

Ang Aming Mundo, ang Aming Tinig

Sa suporta mula sa

Federal Ministry for Economic Cooperation and Development

Terre des Hommes International Federation

kinder not hilfe

Ang Aming Mundo, ang Aming Tinig Deklarasyon sa Kigali

Dialogue Works

Introduksyon

Nagsama-sama kami — ang mga kinatawan ng mga komite at samahan ng mga nagtatrabahong bata mula sa 16 na bansa sa iba't ibang panig ng mundo — para sa Pandaigdigang Pagtitipon ng mga Nagtatrabahong Bata at Kabataan sa Kigali, Rwanda noong Enero 16–20, 2023 nang may suporta mula sa kampanyang Dialogue Works. Ginamit namin ang natatanging oportunidad na ito upang makilala ang isa't isa, magpalitan ng kaalaman, at matuto. Bukod pa rito, binuo at tinalakay namin ang mga suhestyon at kahingian namin para sa paggawa at pagpapatupad ng patakaran mula sa lokal hanggang sa pandaigdigang antas.

1. Tugunan ang kahirapan, bigyan ng disenteng trabaho ang aming mga magulang, at tiyaking naibibigay ang mga pangunahing pangangailangan namin

- Sanhi ng kahirapan at pananamantala ang isa't isa kaya dapat mabura sa lipunan ang mga ito nang sa gayon ay magkaroon ang aming mga pamilya ng sapat na mapagkukunan upang matugunan ang mga pangunahing pangangailangan ng mga bata sa pagkain, damit, pangangalagang pangkalusugan, malinis na inuming tubig, sanitasyon, at edukasyon sa kalunsuran at kanayunan.
- Dahil sa krisis sa klima, migrasyon at pagkakapaalis sa tirahan, pandemya, kaguluhan, pinsala sa kapaligiran, at katiwalian, napapaharap kami sa mga bagong dagok sa buhay na kailangang masolusyunan.
- Sa panahon ng mga pandemya at iba pang kagipitan, dapat matiyak ang mga karapatan para sa makatarungang distribusyon ng tulong, kabilang ang proteksyong panlipunan para sa mga nasa hustong gulang at bata,

at kailangang makakuha ang lahat ng pamilya ng mga de-kalidad na serbisyong pangkalusugan, bakuna, at kapaligirang makakabuti sa kalusugan.

- Kailangang magkaroon ang mga magulang at tagapag-alaga ng mga oportunidad sa trabaho na sapat at may kasiguruhan at pagsasanay para sa paglilinang ng kasanayan sa trabaho sa lahat ng lugar, nasa kanayunan, liblib na lokasyon, kampo, o kalunsuran man sila.
- Dapat tiyakin ng mga pamahalaan ang mga karapatan, at dapat silang magbigay ng disenteng pabahay at mga karapatan sa lupa para sa mga pamilya. Kailangan din ng mas malalawak na lugar kung saan puwedeng maglaro, magpahinga, at maglibang para sa pagsulong ng mga bata.



2. Seryosohin ang aming edukasyon at magbigay ng de-kalidad na edukasyon at pagsasanay para sa kasanayan

- Gusto naming maigalang ang karapatan naming makapag-aral, maging sa panahon ng pandemya at iba pang kagipitan. Kasama rito ang de-kalidad na edukasyon bilang karapatang libre, mainam, naiaayon sa aming mga pangangailangan, madaling makuha, walang karahasan, at walang diskriminasyon, at pagsasanay para sa kasanayan, kabilang ang edukasyong digital. Kailangang ingklusibo ang edukasyon para sa lahat, kabilang ang mga nagtatrabahong batang may mga kapansanan, nagsasalita ng mga tradisyonal na wika, at hindi nakakagamit ng internet.
- Gusto naming dumami ang pormal, panlipunan, at pangkomunidad na pagbibigay ng kaalaman tungkol sa hustisya para sa krisis sa klima at paggalang sa inang kalikasan para sa lahat ng henerasyon.
- Gusto namin ng hindi pormal na pagbibigay ng kaalaman sa aming mga pamilya at komunidad tungkol sa mga karapatan ng mga bata at pananamantala sa mga bata.
- Gusto naming mas magsikap ang mga pamahalaan at estado na muling ipasok sa paaralan ang mga batang tumigil sa pag-aaral at pigilan ang mga salik na nakakahadlang sa pag-aaral ng mga bata, gaya ng diskriminasyon at karahasan, pati na matrikula. Ayaw naming lumiban sa klase o tumigil sa pag-aaral dahil sa aming trabaho o iba pang dahilan. Para patuloy na makapag-aral gamit ang mga kinikita namin, puwede naming sagutin ang bahagi ng mga bayarin sa paaralan at ipagpatuloy ang aming edukasyon, at matututo rin kami ng mga kasanayan dahil sa aming trabaho.

3. Protektahan kami laban sa pananamantala sa trabaho, malulupit na kondisyon at panganib, at pahintulutang makapagtrabaho ang mga bata sa paraang naaangkop at marangal

- Gusto naming lahat na maigalang ang karapatan naming maprotektahan laban sa pananamantala. Ayaw naming gumawa ng trabahong sobrang bigat, walang sapat na bayad, mapaminsala, may malulupit o mapanganib na kondisyon, o may kaugnayan sa trafficking at sapilitang pagpapatrabaho bilang pambayad-utang, na isang krimen. Mas malaki ang posibilidad ng mga batang lalaki na pagawin ng mabibigat na trabaho, samantalang mas malaki ang posibilidad ng mga batang babae na magtrabaho bilang kasambahay buong araw nang walang bayad, at hindi naaangkop at marangal ang ganitong pagtatrabaho.
- Gayunpaman, ayaw naming matigil ang lahat ng uri ng pagtatrabaho ng mga bata. Gusto naming gumawa ng trabahong naaangkop sa edad at kakayahan namin upang masuportahan ang mga pamilya namin, matuto ng mga kasanayan, kumita, matugunan ang

mga pangunahing pangangailangan namin, at igalang ang mga tradisyonal na kultura namin. Kailangang ligtas at may makatarungang bayad ang trabahong ito, at makakapagbigay pa rin ng sapat na panahon upang makapag-aral, makapagpahinga, at makapaglibang kami.

- Marami sa amin ang nakakaramdam ng karangalan na nakakatulong kami sa aming mga pamilya at gusto naming mapahalagahan trabaho namin. Nagbibigay ang aming trabaho ng oportunidad na mamuhay nang may dignidad, maglaan para sa aming mga pamilya, at ipagpatuloy ang aming pag-aaral dahil nasa kultura din namin ang pagtatrabaho at hindi lang iyon bunga ng kahirapan at pananamantala.
- Dapat ipatupad at subaybayan nang husto sa lahat ng lugar ang mga kasalukuyang batas hinggil sa proteksyon laban sa pagtatrabaho ng mga bata at pananamantala sa mga bata. Kailangan ding itaguyod ng mga patakaran ang ligtas na pagtatrabaho, mga oportunidad upang kumita at makapag-aral, at inklusibong pagsasanay para sa paglilinang ng mga kasanayan. Dapat ayusin ang mga kondisyon sa trabaho, kabilang ang mga kalagayan ng mga nagtatrabahong batang may mga kapansanan.



4. Makinig sa amin, unawain kami, at magpatupad ng mga batas na gumagalang sa aming mga karapatan

- Mayroon kaming karapatang mapakinggan at pangangailangang makita, mapakinggan, at maisama sa lahat ng usaping nakakaapekto sa aming mga buhay. Gusto naming makibahagi sa pagdedesisyon sa lahat ng antas at seryosohin ng mga magulang, tagapag-alaga, guro, employer, pulisya, nagsasanay, lider ng relihiyon, tradisyonal na pamayanan, at komunidad, at mambabatas—kabilang ang mga awtoridad ng pamahalaan at iba pang pambansa at internasyonal na ahensya, gaya ng UNICEF, ILO, o mga samahang panrehiyon.
- Hindi sapat ang pakikinig lang. Gusto naming aksyunan ng mga nasa hustong gulang ang mga sinasabi namin.
- Dapat suportahan ang mga komite, samahan, network, at kilusan ng mga nagtatrabahong bata. Gusto naming mabigyan ng impormasyon tungkol sa mga patakaran at batas na nakakaapekto sa amin. Bukod pa rito, gusto naming magkaroon ng bahagi sa paghubog at pagsubaybay sa mga batas, patakaran, at programa upang mapaigting ang maayos na pagpapatupad nang sa gayon ay umayon ang mga iyon sa aming mga realidad, sitwasyon, pangangailangan, at hangarin.
- Dapat kaming ituring ng mga nasa hustong gulang bilang mga mamamayan at mahahalagang bahagi ng lipunan sa pangangalaga at pagprotekta sa ating planeta at mga naninirahan dito.

5. Pigilan ang karahasan at diskriminasyon laban sa mga nagtatrabahong bata at magbigay ng proteksyon laban sa mga iyon

- Gusto naming maigalang at makatarungang maisaalang-alang sa lahat ng pagkakataon ang aming karapatang maprotektahan sa lahat ng anyo ng karahasan at diskriminasyon.
- Nakakaranas kami ng iba't ibang anyo ng karahasan (pisikal, emosyonal, at seksuwal) at pambu-bully sa aming mga tahanan, paaralan, lansangan, at pinagtatrabahuhan. Nanganganib ang lahat ng nagtatrabahong bata na makaranas ng seksuwal at pisikal na panliligalig; at sa maraming rehiyon, higit na nanganganib ang mga batang may mga naiibang kakayahan at mga batang babae dahil sa kawalan ng proteksyon at pagmamalasakit ng lipunan.
- Nakakaranas din kami ng karahasan at diskriminasyon mula sa pulisya at iba pang nasa hustong gulang na dapat sana ay pumoprotekta sa amin. Dapat igalang at protektahan ng pulisya ang aming mga karapatan. Kailangan namin ng sistemang panghustisya para sa mga kabataan na naaangkop sa lahat, kabilang ang mga batang may mga kapansanan.
- Sa panahon ng pandemyang COVID-19, nakaranas ang mga magulang ng mas matinding stress na nagpalaki sa posibilidad ng karahasan sa tahanan. Kaya naman, dapat magbigay ang mga pamahalaan ng mga serbisyo para sa psychosocial na suporta para sa mga bata at tagapag-alaga.



Pagtatapos

Nananawagan kami sa lahat ng indibidwal at entidad, mula sa lokal hanggang sa pandaigdigang antas, na gumagawa ng mga desisyong nakakaapekto sa aming mga buhay na isaalang-alang ang mga saloobin at kahingian na ito at makipagtulungan sa amin sa kanilang pagkilos. Sa pinakaugat ng pagpigil sa pananamantala sa mga batang nagtatrabaho at pagsulong sa mga karapatan ng mga bata, kailangang tanggapin na may malalim at masalimuot na kaugnayan ang mga karapatan ng mga bata at ang pagprotekta at pagpapaunlad sa kapaligiran.